
14th Story

# Zaqueo


Zacchaeus

# Zaqueo

– 14th Story –




| | |
|---|---|
| NAR | Si Hesus at ang kanyang mga alagad ay papasok sa bayan ng Jerico. Maraming tao ang sumunod sa kanila, at habang papasok na sila sa lungsod, tinanong ng isang bulag na pulubi  kung ano ang nangyayari. |
| Beggar | Bakit napaka ingay? Anong nangyayari? Sino ang nandito? |
| Crowd person | Si Hesus na taga Nazaret. Papasok na siya sa Jerico. |
| Beggar | Hesus? Guro! Panginoon! Maawa ka sa akin! |
| NAR | Nang marinig ng mga nasa harap ng karamihan ang bulag na pulubi na tumatawag kay Hesus, sinabi nila sa kanya na tu-migil. Hindi nila nais na maabala si Hesus ng isang bulag na pulubi. Ngunit sumigaw pa siya nang malakas. |
| Beggar | Anak ni David! Maawa ka sa akin! |
| NAR | Narinig ni Hesus ang tawag, at inutusan ang isang tao na dalhin ito sa kanya.. |
| Jesus | Ano ang gusto mong gawin ko sa iyo? |
| Beggar | Panginoon, gusto ko pong makakita |
| Jesus | Mangyayari ito. Pinagaling ka na ng iyong pananampalata-ya |
| NAR | Sa sandaling sinabi ito ni Hesus, nagsimulang makakita ang bulag! Namangha siya at nagsimulang purihin ang Diyos at sumunod kay Hesus. Nang makita ng ibang mga tao ang nangyari, nagsimula rin silang purihin ang Diyos!<br>Pagkatapos si Hesus at ang kanyang mga alagad ay nagpat-uloy sa bayan ng Jerico kasama ang karamihan ng tao na su-munod sa likuran. Sa bayan ng Jerico nakatira ang isang lalaki na nagngangalang Zaqueo. Isa siya sa mga punong maniningil ng buwis at siya ay mayaman, at karamihan sa mga tao ay hindi siya gusto. Si Zaqueo ay isang maliit na tao lamang.<br>Habang si Hesus at ang kanyang mga alagad ay dumaraan, nakita ni Zaqueo ang maraming tao, at nagtaka kung ano ang nagyayari doon. |
| Crowd people | Hesus! Hesus! Tignan ninyo! Ayun Siya! |
| Zacchaeus | Hesus ?! Wow! Gusto kong makita siya. Um··· paumanhin. Makikiraan.. Maaari ba akong dumaan? |





| | |
|---|---|
| NAR | Nais ni Zaqueo na makita si Hesus, ngunit dahil napakaliit niya, hindi siya makadaan sa dami ng tao. |
| Zacchaeus | Paumanhin, nais kong makadaan ngayon. Oh…. Gusto kong makita si Hesus, ngunit walang paraan .. masyado akong maliit. Ano ang gagawin ko? |
| NAR | Habang iniisip niya kung paano niya makikita si Hesus, nakita ni Zaqueo ang isang mataas na puno ng sikomoro na nasa direksyon na kung saan si Jesus kasama ang kanyang mga alagad. Nagpasya siyang akyatin  ito. |
| Zacchaeus | Sige. Kaya ko ito. Kaya ko ito! hindi .. ko magagawa ito! Aaaahhh! |
| NAR | Nabigo si Zaqueo na makita si Hesus ng mas mabuti, at nag-aalala na kung hindi siya aakyat roon sa lalong madaling panahon, mawawalan siya ng pagkakataon upang makita si Hesus. |
| Zacchaeus | Ngayon…  aakyat na talaga ako! |
| Jesus | Sa wakas ay nakaakyat na si Zaqueo. Lumapit si Hesus sa puno ng sikomoro. Tumingala siya at sinabi kay Zaqueo. |
| Zacchaeus | Huh? Uhm- uh - Ba… Baki- Opo! Opo! |
| NAR | Laking gulat ni Zaqeuo na nakita siya ni Hesus, ngunit mas nakakagulat na alam ni Hesus kung sino siya! Naisip niya kung paano nalaman ni Hesus ang kanyang pangalan dahil hindi pa sila nagkakilala noon! Ngunit nang tinawag siya ni Hesus, mabilis siyang bumaba mula sa puno at dinala si Hesus at ang kanyang mga alagad sa kanyang bahay nang masaya |
| | Nang makita ng mga tao na pupunta si Hesus sa bahay ni Zaqueo, nagsimula silang magbulong-bulongan. |
| Crowd person 1 | Ano? Pupunta Siya sa bahay ni Zaqeuo? |
| | Zaqueo? Siya ay isang maniningil ng buwis! Isa siyang makasalanan! |
| Crowd | Zaqueo? Siya ay isang maniningil ng buwis! Isa siyang makasalanan! |
| Crowd person 2 | Hindi ata siya kilala ni Hesus! |
| Crowd person 1 | Oh baka kilala siya at wala siyang pakialam? |
| NAR | Nakababa na si Zaqueo nang marinig niya ang mga taong nagbubulong-bulongan. Siya ay nalungkot! Sapagkat si-nasabi nila ang mga bagay na iyon sa kanya. Kayat noong pumunta siya kay Hesus, sinabi niya… |



| | |
|---|---|
| Zacchaeus | Aking Panginoon. hindi ko alam kung bakit mo gustong pumunta sa aking bahay ngayon, ngunit nais kong sabihin sa iyo ang isang bagay. Ibibigay ko ang kalahati ng lahat ng pagmamay-ari ko sa mga mahihirap. At kung dinaya ko ang sinuman sa anumang bagay sa pamamagitan ng mga buwis, babayaran ko ito. Magbabayad ako ng apat na beses ang halaga sa kinuha ko. |
| Crowd | <Nabigla> ha?! Talaga ba! |
| Jesus | Zaqueo, sobra kitang pinagmamalaki. Nagpunta ako sa iyo ngayon dahil ang Anak ng Tao ay dumating upang hanapin ang nawawala at iligtas sila. Alam mo ba ngayon na ikaw ay ligtas na! |